Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG HULYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 180-T'2002

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. AQUILINO PIMENTEL, JR., SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) PARA SA PAGSASAGAWA AT PAGSASAAYOS NG PATUBIG (WATER SUPPLY SYSTEM) SA NASASAKUPAN NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, lubhang pinahahalagahan ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagbibigay ng tulong at suporta sa larangan ng pagsasaka na itinuturing na isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan sa bayang ito at maging sa bansa;

*SAPAGKA'T*, malaking bilang ng mga magsasaka sa bayang ito ay nakikinabang sa patubig para sa kanilang mga sakahan;

*SAPAGKA'T*, kailangan nang isaayos ang mga kagamitan sa patubig dahilan sa mga pagkasira at malaking pinsala sa daloy ng tubig na ngayo'y nararanasan ng mga magsasaka;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalang bayan upang makapagpagawa at makapagsaayos ng nasabing sistema sa patubig;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Aquilino Pimentel, Jr., Senador ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P2,000,000.00 para sa pagsasagawa at pagsasaayos ng patubig (Water Supply System) sa nasasakupan ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Aquilino Pimentel, Jr., Senador ng Bansa, Lungsod ng Pasay; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, at Pambayang Pinuno sa Pagsasaka, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
KGG.ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan